Republic of the Philippines
Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

**QUARTER 1 SUMMATIVE TEST NO. 2**

| Mga Layunin | CODE | Bahagdan | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan n Bilang |
|---|---|---|---|---|
| Natutukoy ang mga hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas gamit ang mapa. | **(AP4AAB-Ic-4)** | **50%** | **10** | **1-10** |
| Nasusuri ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito. | **(AP4AAB – Id -6)** | **50%** | **10** | **11-20** |
| **Kabuuan** | | **100** | **20** | **1 – 20** |

**GRADE 4 – ARPAN**
www.guroako.com

Republic of the Philippines

Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

ARPAN 4 Summative Test No. 2

www.guroako.com

Name: ______________________________ Date: __________ Score: _______

**I. Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

___1. May ilang kilometro ang lawak ng Pilipinas mula Kanluran pasilangan?

A. 1 107 B. 2 107 C. 3 107 D. 4 107

___2. Kung ang kabuuang lawak ng teritoryo ng Pilipinas ay 300 000 kilometro kuwadrado, ano naman ang kabuuang lawak ng baybayin nito?

A. 15 450 B. 16 450 C. 17 450 D. 18 450

___3. Alin sa mga sumusunod na sukat ang hangganan ng Pilipinas sa South China Sea?

A. 665 kilometro B. 765 kilometro C. 865 kilometro D. 965 kilometro

___4. Anong Batas ang nagbibigay ng karapatan sa Pilipinas na angkinin ang Pulo ng Kalayaan mula sa baybayin ng Palawan?

A. Atas ng Pangulo 1596 B. Atas ng Pangulo 1597

C. Atas ng Pangulo 1598 D. Atas ng Pangulo 1599

___5. Ayon sa Atas ng Pangulo 1596 na ang Pulo ng Kalayan ay kinikilala sa sumasakop sa teritoryo ng Pilipinas. Gaano ito kalayo sa kalupaan ng Pilipinas?

A. 270 kilometro B. 275 kilometro C. 280 kilometro D. 285 kilometro

___6. Gaano kalawak ang itinakda ng *Exclusive Economic Zone* sa Pilipinas?

A. 200 milya B. 400 milya C. 600 milya D. 800 milya

___7. Ano ang implikasyon sa pagtatalaga ng *Exclusive Economic Zone* sa Pilipinas?

A. Nagbibigay ng proteksiyon sa karatig bansa ng Pilipinas.

B. Nagbibigay ng karapatang sa mga mangingisdang dayuhan.

C. Nagbibigay ng kaukulang proteksyon sa mangingisdang Pilipino.

D. Nagbibigay ng karapatan na pangalagaan at pangasiwaan ang likas na yaman.

___8. Sa iyong araling napag-aralan, bakit mahalagang malaman ang hangganan at lawak ng isang bansa?

A. Mapalawak ang teritoryo ng isang bansa.

B. Mapabilis ang pag-unlad ng isang bansa.

C. Mapangalagaan ang mamamayan ng isang bansa.

D. Maiwasan ang suliraning pangkaayusan, pangkaligtasan at pangkapayapaan ng isang bansa.

___9. Mahilig maglayag si Gary sa karagatan. Ano ang dapat niyang gagawin upang maiwasan ang paglampas sa hangganan ng Pilipinas?

A. Alamin ang likas na yaman ng bansa.

B. Kumuha ng mapa at alamin ang hangganan ng Pilipinas.

C. Hayaan lamang na lumampas sa itinakdang hangganan ng Pilipinas.

D. Magyaya ng kasama upang mamamasyal sa karagatan at manghuli ng mga isda dito.

___10. Sa iyong palagay, nakatutulong ba sa mga mamamayan ang humigit kumulang na 14 450 kilometrong baybayin ng Pilipinas at bakit?

A. Opo, dahil mapadali ang paglalakbay patungong ibang bansa.

B. Opo, dahil dito kumukuha ng isda, at ibang yamang dagat sa baybayin ng Pilipinas.

C. Hindi po, dahil hindi maiiwasan ang suliranin sa baybaying dagat ng Pilipinas.

D. Hindi po, dahil malaking panganib ang dala ng baybaying dagat sa kabuhayan ng mamamayan.

___11. Ano ang tawag sa sukat ng lupaing nasasaklaw ng hurisdiksyon ng isang bansa?

A. arkipelago B. insular C. lokasyon D. teritoryo

___12. Ano ang katumbas ng isang sentimetro (*1 cm*) sa kilometro batay sa iskalang ginamit mo sa pagsukat ng distansiya?

A. 1 000 km B. 2 000 km C. 4 000 km D. 5 000 km

___13. Sinong pangulo ng Pilipinas ang nagpatibay ng Saligang Batas ng 1987?

A. Corazon C. Aquino B. Ferdinand E. Marcos

C. Joseph E. Estrada D. Rodrigo R. Duterte

___14. Alin sa mga sumusunod ang tiyak na bilang ng mga pulo sa bansang Pilipinas?

A. 3 000 B. 4 601 C. 5 671 D. 7 641

___15. Ilang kilometro ang lawak ng Pilipinas mula sa kanluran pasilangan?

A. 1 107 kilometro B. 1 150 kilometro

C. 1 500 kilometro D. 2 450 kilometro

___16. Ano ang tawag sa nasa itaas na bahagi ng mga lupain at karagatan?

A. Dagat B. Dagat Teritoryal

C. Ang Himpapawirin D. Mga Kalatagang Insular

___17. Paano malalaman ng iyong kamag-aral kung anong angkop na gagamitin upang matukoy ang hangganan at lawak ng teritoryo ng isang bansa?

A. sa pamamagitan ng mapa

B. sa pamamagitan ng pakikipanayam

C. sa pamamagitan ng pagbabasa komiks

D. sa pamamagitan ng pakikinig sa radio

___18. Ano ang pagkakaiba ng Kasunduan ng Estados Unidos at Gran Britanya sa Kasunduan ng Espanya at Estados Unidos?

A. Kasunduan ng Espanya at Estados Unidos ay nilagdaan sa Washington noong 1900 samantalang ang Kasunduan ng Espanya at Estados ay maliliit na pulo na kabilang sa kapuluan ng Sulu.

B. Kasunduan ng Espanya at Estados Unidos ay nilagdaan sa Los Angeles noong 1908 samantalang ang Kasunduan ng Espanya at Estados ay malaking na pulo na kabilang sa kapuluan ng Sulu.

C. Kasunduan ng Espanya at Estados Unidos ay nilagdaan sa Florida noong 1910 samantalang ang Kasunduan ng Espanya at Estados ay malayong na pulo na kabilang sa kapuluan ng Sulu.

D. Kasunduan ng Espanya at Estados Unidos ay nilagdaan sa New York noong 1920 samantalang ang Kasunduan ng Espanya at Estados ay malaking na pulo na kabilang sa kapuluan ng Sulu.

___19. Sa iyong pananaw, mahalaga ba ang Artikulo I ng Saligang Batas sa bansa?

A. Oo, dahil naging hudyat ito ng panumbalik sa demokrasya ng bansa

B. Oo, dahil nakasaad dito na ang Pilipinas ay ipinagkaloob ng Espanya sa Estados Unidos

C. Oo, dahil napasama na rito ang mga nakaligtaang pulo na sakop ng teritoryo ng Pilipinas.

D. Oo, dahil ito ang nagbibigay ng ganap na kapangyarihan o hurisdiksyon sa teritoryo ng Pilipinas.

___20. Alin ang pinakatumpak na konklusyon na mabubuo tungkol sa implikasyon ng Konstitusyon ng 1973 at 1987.

A. Nakalahad dito na ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng kapuluan ng Pilipinas kasama ang mga pulo at tubig na saklaw nito.

B. Nakalahad dito na ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng katubigan ng Pilipinas kasama ang mga kagubatan at tubig na saklaw nito.

C. Nakalahad dito na ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas ay binubuo himpapawirin ng Pilipinas kasama ang mga pulo at tubig na saklaw nito.

D. Nakalahad dito na ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng maliliit na katubigan ng Pilipinas kasama ang mga pulo at tubig na saklaw nito.

***SUMMATIVE TEST 2 ANSWER KEY:***

**I.**

1.A
2.C
3.D
4.A
5.A
6.A
7.D
8.D
9.B
10.B

11. D
12. A
13. A
14. D
15. A
16. C
17. A
18. A
19. D
20. A